BAY AREA LEGAL AID

WORKING TOGETHER FOR JUSTICE

KALUSUGAN AT KALIGTASAN SA COVID-19[5]

Habang nasa isang tanggapan ng BayLegal, kailangang sundin ng lahat ng Empleyado at Bisita ang **Mga Protokol sa Kaligtasan ng Kalusugan** sa lahat ng oras, kabilang ang:

- **Manatili sa bahay** kung kayo ay may sakit o nakaranas ng anumang sintomas ng COVID-19 na inilarawan ng CDC at kontakin ang inyong manager;
- **Umalis** kung nakakaranas kayo ng anumang sintomas ng COVID-19 na inilarawan ng CDC at kontakin ang inyong manager sa lalong madaling panahon;
- **Panatilihin ang hindi bababa sa 6 na talampakan na pisikal na distansya** (tinatawag ding social distancing) mula sa kahit sinong tao sa lahat ng oras;
- **Magsuot ng Pantakip ng Mukha** habang nasa anumang pinagsasaluhang lugar;
- **Bumahin at umubo** sa isang tela o tissue o, kung walang magagamit na ganito, sa inyong siko at agad na maghugas ng kamay;
- **Huwag makipagkamay o magkaroon ng anumang pisikal na kontak;**
- **Maghugas ng kamay nang madalas** ng sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo, **o gumamit ng sanitizer ng kamay****; at
- **I-sanitize ang lahat ng lugar bago at pagkatapos gamitin.****

TANDAAN: Hihilingin sa lahat ng empleyado at bisita na lisanin ang isang pasilidad ng BayLegal kung nagpapakita sila ng anumang mga sintomas ng COVID-19 na nangangailangang sumunod at kumumpleto nang maayos sa lahat ng opisyal na alituntunin bago mapahintulutang pumasok ulit. Susundin ng BayLegal ang lahat ng protokol sa pagkontrol sa pagkakalantad.

Salamat! Ingat!

[5] Tagalog